ひろしま避難誘導アプリ

# 避難所へGo!




Ang Hiroshima Evacuation Guide App ay isang disaster prevention app na tumutulong sa inyong magsagawa ng naaangkop na mga aksyon sa paglikas bago pa man mangyari ang isang sakuna.
Makikita dito ang mga impormasyong pang-emergency tulad ng mga panuto tungkol sa paglikas. Makukumpirma din dito ang antas ng panganib sa inyong kasalukuyang lokasyon at ang ruta patungo sa pinakamalapit na evacuation site sa inyo.

## Pamamahagi ng impormasyon

- Impormasyon sa antas ng panganib
- Direksyon sa pinakamalapit na evacuation site
- Irehistro ang kalagayan ng iyong kaligtasan
- Handbook sa paghahanda sa sakuna
- Maghanap ng evacuation site
- Impormasyon at abiso sa paghahanda sa sakuna

## Kumpirmahin kung ano ang mga dapat na gawing aksyon batay sa alert level

* Bilang panuntunan, ang mga evacuation site ay binubuksan alinsunod sa pag-anunsyo ng alert level 3 pataas

**Alert level 1**

- Impormasyon tungkol sa maagang babala
- Mas magbigay tayo ng paghahanda sa mga sakuna

**Alert level 2**

- babala ng malakas na pag-ulan, babala ng storm surge, atbp.
- Gumawa ng mga aksyon tulad ng pagkumpirma ng mga evacuation site bilang paghahanda para paglikas

**Alert level 3**

### Paglikas ng mga matanda, atbp.

- Maghanda para sa paglikas
- Ang mga taong kinakailangan ng oras para sa paglikas at ang kanilang mga tagapangalaga ay hinihiling na simulan na ang paglikas

**Alert level 4**

### Mga panuto tungkol sa paglikas

- Agad na lumikas kung naninirahan sa mga lugar kung saan may panganib ng landslide, atbp.
- Dapat lumikas ang mga nakakaramdam ng panganib
- Kung nahihirapan sa pagpunta sa evacuation site, mangyaring lumikas sa pinakamalapit na ligtas na lugar

**Alert level 5**

### Pagtiyak ng kaligtasan sa oras ng emergency

- Hindi na kayang lumikas nang ligtas
- Agad na tiyakin ang inyong sariling kaligtasan

Ipapaalam sa e-mail o LINE ang mga impormasyon tulad ng pag-aanunsyo ng impormasyon sa paglikas, kung ano ang mga binuksan na evacuation site, mga anunsyo tungkol sa kalagayan ng panahon, atbp.

### E-mail ng impormasyon tungkol sa paghahanda sa sakuna ng Hiroshima City

Mangyaring magpre-register sa pamamagitan ng pagpapadala ng blangkong email sa email address para sa rehistrasyon.
entry@k-bousai.city.hiroshima.jp

### Opisyal na LINE account ng Hiroshima City

I-scan ang QR code gamit ang camera, i-add bilang friend, at piliin ang paghahanda sa sakuna sa setting ng pagtanggap ng mensahe.

**Para sa mga katanungan**


Hiroshima City Crisis Management Office, Disaster Prevention Division
**TEL 082-504-2664**


フィリピノ語

## Libre ang paggamit nito

ひろしま避難誘導アプリ
Hiroshima Evacuation Guide App

# 避難所へGo!

(Pumunta sa Evacuation Site!)




I-download ang app mula dito

Google Play でで手に入れよう

App Store からダウンロード

ひろしま避難誘導アプリ 避難所へGo!

## Kumpirmasyon ng impormasyon sa paglikas

Ipapakita ang impormasyon sa paglikas na inanunsyo sa inyong kasalukuyang lokasyon.

Paglikas ng mga matanda, atbp. | Mga panuto tungkol sa paglikas | Pagtiyak ng kaligtasan sa oras ng emergency

Antas ng panganib → Mataas

* Maaaring hindi i-anunsyo ang impormasyon ng pagtiyak ng kaligtasan sa oras ng emergency.

## Impormasyon sa antas ng panganib



Maaari niyong makumpirma ang mga impormasyon tungkol sa antas ng panganib sa inyong kasalukuyang lokasyon (kalagayan ng panahon, landslide disaster warning area, flood inundation area, atbp.).

## Handbook sa paghahanda sa sakuna

Maaaring tingnan ang Hiroshima City Disaster Prevention and Preparedness Handbook na "*Tachimachi Bōsai*"
Nakasulat dito ang mga basikong impormasyon tungkol sa maagang paghahanda para sa mga sakuna at kung ano ang mga dapat gawing aksyon sa oras ng sakuna.

## Maghanap ng evacuation site

Maaari kayong maghanap ng pinakamalapit na evacuation site.

## Listahan ng mga link

Nakatipon dito ang mga link para sa lifeline, pampublikong transportasyon, impormasyon tungkol sa kalagayan ng mga kalsada, impormasyon tungkol sa panahon, atbp.

**Kapag nag-anunsyo na ng impormasyon sa paglikas**




## Direksyon sa pinakamalapit na evacuation site

Ipapakita ang pinakamaiksing ruta mula sa inyong kasalukuyang lokasyon patungo sa pinakamalapit na bukas na evacuation site.
Kung lumihis sa ipinapakitang ruta o nagtakda ng lugar na nais daanan, magpapakita ng bagong ruta.





## Impormasyon at abiso sa paghahanda sa sakuna

Ang impormasyon sa paghahanda sa sakuna ay maaaring ipakita at kumpirmahin ayon sa oras ng pagkasunod-sunod nito.

## Normal na panahon

Sa normal na panahon, maaaring makumpirma dito ang weather forecast, mga abiso mula sa lungsod, maghanap ng mga evacuation site, tumingin ng mga ruta papunta sa mga evacuation site sa paligid ng inyong tirahan, at iba pang mga impormasyong makakatulong sa inyo upang maghanda sa sakuna.



